


H E K A S I 5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)
Distance Education for Elementary Schools
SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS



ANG KABABAIHAN SA PANAHOON NG ESPAÑOL



Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

Revised 2010

by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:

“No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit.”

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (<http://lrmds.deped.gov.ph/>) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.



GRADE V

KABABAIHAN SA PANAHOON NG ESPAÑOL



ALAMIN MO



Ano ang naaalala mo kapag nakakakita ka ng mga babaing ganito ang kasuotan?

Sa nakaraang modyul tinalakay natin kung paano pinahalagahan ng ating mga ninuno ang mga kababaihan. Sa aralin naman natin ngayon, pag-aaralan natin ang mga tradisyonal at di-tradisyonal na bahaging ginampanan ng mga babae sa lipunan sa panahon ng Español.

Handa ka na ba?





PAGBALIK-ARALAN MO

Isulat ang **S** sa iyong notebook kung sang-ayon ka sa isinasaad ng pangungusap sa bawat bilang at **SD** kung hindi.

1. Maaring maghanapbuhay ang mga babae sa panahon ng ating mga ninuno.
2. Itinuturing na kawalang-galang at isang pagkakasala ang mauna sa paglalakad ang mga lalaki kaysa sa babae.
3. Di nabibigyan ng pagkakataon ang mga maybahay ng mga ninunong Pilipino na makapagbigay ng pangalan sa kanilang bagong silang na sanggol.
4. Magkapantay ang pribilehiyo ng mga babae at lalaki sa panahon ng ninuno.
5. Di maaaring maging datu ang babae kahit walang anak na lalaki ang pinakadatu.



PAG-ARALAN MO





Pag-aralan mo ang larawan sa pahina 2. Ano ang ipinakikita nito? Ganito rin ba ang kalagayan ng mga kababaihan ngayon?

Basahin mo ang sumusunod na teksto.

Ang Kababaihan sa Panahon ng Español

Sa panahon ng Español ang mga kababaihan ay iginagalang at ikinararangal din. Sila ay mga pantahanan lamang. Inaasikaso nila ang pangangailangan ng kanilang asawa at mga anak sa tahanan. Tungkulin ng kanilang asawa na ibigay sa kanila ang kinita sa paghahanapbuhay.

Hindi pinapayagang makisalamuha ang mga babae sa mga lalaki. Hindi sila pinapayagang dumalo sa mga kasayahan nang nag-iisa. Kailangang may kasamang kapatid o sinumang kamag-anak.

Hindi rin sila kailangang makaabot sa mataas na pinag-aralan tulad ng pagiging doktora, manananggol, o inhinyera. Sa halip ay sinasanay silang maging mabuting maybahay at mapagmahal na ina.

Kung tagurian ang mga babae ay Maria Clara dahil ang Maria Clara ay simbolo ng pagiging mahinhin, mahinahon, magpagpakumbaba, matimpi, at maingat sa pagkilos.

Ito ang mga tradisyunal na bahaging ginampanan ng mga babae noon sa lipunan.

Sagutin mo:

1. Anu-ano ang mga tungkulin sa tahanan ng mga kababaihan?
2. Anong uri ng edukasyon ang kanilang natatamo lamang?
3. Bakit sila tinaguriang Maria Clara?





May mga kababaihang nagpamalas ng talino at katapangan upang ipaglaban ang kalayaan ng mga Piipino. Ipinakita nila na ang mga babaeng Pilipina ay di lamang para sa mga gawaing-bahay. Maaari rin silang gumanap ng mahalagang bahagi para sa bayan. Si **Gregoria de Jesus** ang naging tagapag-ingat ng lahat ng mahahalagang kasulatan ng katipunan at himagsikan. Si **Melchora Aquino** na tinaguriang Tandang Sora at Ina ng Balintawak ay malaki rin ang naitulong sa katipunan. Naging kanlungan ang kanyang tahanan at ginamot niya ang mga sugatang katipunero. Si **Trinidad Tecson** naman ay tinaguriang Ina ng Biak-na-Bato. Gumanap siya ng tungkulin bilang nars sa Biak-na-Bato. Ang mga babaeng ito ay ilan lamang sa maraming bayaning babae na naglingkod para sa bayan. Di tradisyunal na bahagi ng kanilang ginampanan.


Sagutin mo:

1. Anu-ano ang mga di tradisyunal na gawaing ginampanan ng mga tinukoy nating mga bayaning babae?
2. Anu-ano ang mga ipinamalas nilang katangian?




PAGSANAYAN MO

Basahin mo ang dalawang damit na nag-uusap.



Tradisyunal



Di-Tradisyunal



Anu-ano ang mga tradisyunal at di tradisyunal na bahaging ginampanan ng mga babae? Narito ang talaan. Isulat mo ang titik sa tamang hanay.

- | | |
|----------------|-------------------------------|
| a. nagsasaing | f. naglilingkod sa restaurant |
| b. namamasukan | g. namamalantsa |
| c. nagtuturo | h. nag-aasikaso ng pamilya |
| d. naglalaba | i. bumubunot ng ngipin |
| e. nagluluto | j. nagtatanggol sa nasasakdal |

Tradisyunal

Di Tradisyunal



TANDAAN MO


- Sa panahon ng Español, ang mga kababaihan ay nagsilbing pantahanan lamang.
- May mga kababaihang lumahok sa mga gawain para sa kalayaan ng ating bansa.



ISAPUSO MO

Anu-ano ang mga katangian ng isang dalagang Pilipina noon na nais mong taglayin?

Sipiin mo ang nakalarawang puso sa iyong kuwaderno. Dito mo isulat ang iyong kasagutan.





Ito ay isang awit tungkol sa mga dalagang Pilipina. Subukin mong awitin ito nang may damdamin.

Ang Dalagang Pilipina

Ang dalagang Pilipina, parang tala sa umaga
Kung tanawin ay nakaliligaya
May ningning na tangi at dakilang ganda
Maging sa ugali't maging sa kumilos
Mayumi, mahinhin, mabini ang lahat ng ayos
Malinis ang puso, maging sa pag-irog
May tibay at tining ng loob
Bulaklak na tanging marilag
Ang bango ay humahalimuyak
Sa mundo'y dakilang panghiyas, pang-aliw
sa pusong may hiras
Batis ng ligaya at galak, hantungan
ng madlang pangarap
Iyan ang dalagang Pilipina
Karapat-dapat sa isang tunay na pagsinta.

Sagutin mo:

1. Anu-ano ang katangian ng dalagang Pilipina na binanggit sa awit?
2. Ganito pa rin ba ang mga dalagang Pilipina sa ngayon?






PAGTATAYA


Ihambing mo ang kababaihan sa panahon ng ninuno at sa panahon ng Español. Ano ang kanilang pagkakatulad? Ano ang kanilang pagkakaiba?

Sipiin mo ang nakalarawang “Venn Diagram”. Dito mo isulat ang iyong mga sagot. Gawin mo ito sa kuwadernong sagutan.



PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

Magsaliksik ka tungkol sa kasuotan ng mga kababaihan sa panahon ng Español. Ihambing mo ito sa kasuotan ng mga babae sa kasalukuyan.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.